# HINGGIL SA PATAKARAN

*Disyembre 25, 1940*

[Ang pampartidong direktibang ito ay sinulat ni Kasamang Mao Zedong para sa Komite Sentral ng Partido Komunista ng Tsina.]

Sa kasalukuyang pagdaluyong ng mga atakeng anti-Komunista, ang patakarang ating itataguyod ay mapagpasya. Pero hindi matanto ng marami sa ating mga kadre na ang kasalukuyang patakaran ng Partido ay dapat maging ibang-iba sa patakaran nito noong Rebolusyong Agraryo. Dapat maunawaan na anuman ang mangyari, hindi babaguhin ng Partido ang patakaran nito sa pakikipagkaisang prente para sa buong panahon ng Digma ng Pagtatanggol Laban sa Hapon, at hindi basta-basta maaaring kopyahin ngayon ang maraming patakarang pinagtibay noong nakaraang 10 taon ng Rebolusyong Agraryo. Sa partikular, maraming ultra-"Kaliwang" patakaran noong huling bahagi ng Agraryong Rebolusyon ang hindi lamang ganap na di magagamit ngayon sa Digma ng Pagtatanggol, kundi mali na noon pa man, dahil lumitaw ang mga ito mula sa kabiguang maunawaan ang dalawang pundamental na punto – na ang rebolusyong Tsino ay isang burges-demokratikong rebolusyon sa isang malakolonyal na bayan at isa itong matagalang rebolusyon. Halimbawa, naririyan ang tesis ang ikalimang kampanya ng "pagkubkob at panunupil" ng Guomindang at ang ating kontra-kampanya ay bumubuo sa mapagpasyang labanan sa pagitan ng kontra-rebolusyon at rebolusyon; naririyan ang pagpawi sa ekonomya ng uring kapitalista (ang mga ultra-"Kaliwang" patakaran sa paggawa at pagbubuwis) at ng mayayamang magsasaka (sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng mahihinang lupa); ang pisikal na pagpawi sa mga panginoong maylupa (sa pamamagitan ng di pagbibigay sa kanila ng lupa); ang pag-atake sa mga intelektwal; ang "Kaliwang" paglihis sa panunupil sa mga kontra-rebolusyonaryo; ang monopolisasyon ng mga Komunista sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika; ang pagbibigay-diin sa komunismo bilang layunin ng popular na edukasyon; ang ultra-"Kaliwang" patakarang militar (na pagsalakay sa malalaking lunsod at pagbabale-wala sa papel ng pakikidigmang gerilya); ang putsistang patakaran ng pagkilos sa mga Puting purok; at ang patakaran sa loob ng Partido na pag-atake sa mga kasama sa pamamagitan ng pag-abuso sa pamamaraan ng pagdisiplina. Ang mga ultra-Kaliwang patakarang ito ay manipestasyon ng pagkakamaling "Kaliwang" oportunismo, o kabaligtarang-kabaligtaran ng Kanang oportunismo ni Chen Tu-hsiu noong huling bahagi ng Unang Dakilang Rebolusyon. Pawang pakikipag-alyansa at walang pakikitunggali noong huling bahagi ng Unang Dakilang Rebolusyon, at pawang pakikitunggali at walang pakikipag-alyansa (liban sa mga batayang seksyon ng uring magsasaka) noong huling bahagi ng Agraryong Rebolusyon – tunay na tampok na mga demonstrasyon ng dalawang ekstremistang patakaran.Ang dalawang ekstremistang patakaran ay naging sanhi ng malalaking pagkatalo ng Partido at ng rebolusyon.

Sa kasalukuyan, ang ating Anti-Hapones na Pambansang Patakaran sa Nagkakaisang Prente ay hindi pawang pakikipag-alyansa at wala namang pakikitunggali o hindi pawangpakikitunggali at wala namang pakikipag-alyansa kundi pinagsasama ang pakikipag-alyansa at pakikitunggali. Sa partikular, nangangahulugan ito ng:

(1) Dapat magkaisa sa Pambansang Nagkakaisang Prenteng Anti-Hapon ang lahat ng mamamayang pumapabor sa pagtatanggol (ibig sabihin, lahat ng anti-Hapones na manggagawa, magsasaka, sundalo, estudyante at intelektwal at negosyante).

(2) Sa loob ng nagkakaisang prente, ang ating patakaran ay dapat kasarinlan at inisyatiba, ibig sabihin, kinakailangan kapwa ang pagkakaisa at kasarinlan.

(3) Kaugnay ng estratehiyang militar, ang patakaran natin ay pakikidigmang gerilya na nagsasariling isinusulong at ang inisyatiba'y nasa ating mga kamay sa loob ng balangkas ng isang

nagkakaisang estratehiya; saligan ang pakikidigmang gerilya, pero dapat huwag balewalain ang anumang pagkakataong isulong ang pakikidigmang makilos kapag paborable ang kundisyon.

(4) Sa pakikibaka sa sagadsaring mga anti-komunista, ang ating patakaran ay gamitin ang mga kontradiksyon, kabigin ang marami, labanan ang kakaunti at durugin ang ating mga kaaway nang paisa-isa, at isulong ang mga pakikibaka sa makatarungang batayan, sa ating bentahe, at maypagtitimpi.

(5) Sa mga purok na sakop ng kaaway at ng Guomindang, sa isang banda, ang ating patakaran ay paunlarin ang pakikipagkaisang prente sa pinakaposibleng saklaw at, sa kabilang banda'y magtalaga ng piling-piling mga kadre na kikilos nang lihim. Kaugnay ng mga anyo ng organisasyon at pakikibaka, ang patakaran natin ay magtalaga ng piling-piling mga kadre na kikilos nang lihim sa mahabang panahon, mag-ipon ng lakas, at maghintay ng tamang panahon.

(6) Kaugnay ng pagkakahanay ng iba't ibang uri sa loob ng bayan, ang saligang patakaran natin ay paunlarin ang mga progresibong pwersa, kabigin ang mga panggitnang pwersa at ihiwalay ang mga pwersang sagad-saring anti-Komunista.

(7) Kaugnay ng sagadsaring mga anti-komunista, ang ating patakaran ay isang rebolusyonaryong dalawahang patakaran ng pakikipagkaisa sa kanila sa antas na pumapabor pa sila sa paglaban sa Japan, at paghihiwalay sa kanila sa antas na determinado silang labanan ang Partido Komunista. Dagdag pa, may dalawahang katangian ang mga sagadsarin kaugnay ng paglaban sa Japan, at ang ating patakaran ay makipagkaisa sa kanila sa antas na pumapabor pa sila sa pagtatanggol, at makitunggali laban sa kanila at ihiwalay sila sa antas na nag-uurong-sulong sila (halimbawa, kapag nakikipagsabwatan sila sa mga mananalakay na Hapon at nagpapakita ng pag-aatubiling labanan si Wang Ching-wei at ang ibang mga traydor). Dahil may dalawahang katangian din ang kanilang paglaban sa Partido Komunista, dapat magkaroon din ng dalawahang katangian ang ating patakaran; sa antas na hindi pa sila nakahandang lubos na buwagin ang kooperasyong Guomindang-Komunista, ito'y pakikipag-alyansa sa kanila, pero sa antas na sila'y mapanupil at naglulunsad ng mga armadong pagsalakay sa ating Partido at mamamayan, ito'y pakikitunggali at paghihiwalay sa kanila. Pinag-iiba natin iyong mga taong may dalawahang katangian at ang mga traydor at elementong maka-Hapones.

(8) Kahit sa hanay ng mga elementong traydor at maka-Hapon, mayroong mga taong may dalawahang katangian, na maaari din nating gamitan ng rebolusyonaryong dalawahang patakaran. Sa antas na sila'y maka-Hapon, ang patakaran nati'y labanan at ihiwalay sila, pero sa antas na nag-uurong-sulong sila, ang patakaran natin ay mas ilapit sila sa atin at kabigin. Pinag-iiba natin iyong mga elementong paurong-sulong at ang mga sagadsaring traydor tulad nina Wang Ching-wei, Wang Yi-tang[1] at Shih Yu-san[2].

(9) Dapat pag-ibahin ang maka-Hapon na malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesyang laban sa pagtatanggol sa maka-Briton at maka-Amerikanong malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesya na sang-ayon sa pagtatanggol; gayundin, dapat pag-ibahin ang nag-uurong-sulong na malalaking panginoong maylupa at malalaking burgesya na sang-ayon sa pagtatanggol pero nag-uurong-sulong, at pabor sa pagkakaisa pero mga anti-Komunista mula sa pambansang burgesya, panggitna at maliliit na panginoong maylupa at mga naliliwanagang panginoong maylupa, na di gaanong matingkad ang dalawahang katangian. Binabalangkas natin ang ating patakaran sa mga pagkakaibang ito. Ang iba't ibang mga patakarang nabanggit ay nagmumula sa mga pagkakaibang ito sa mga relasyon ng mga uri.

(10) Sa ganoon ding paraan natin hinaharap ang imperyalismo. Nilalabanan ng Partido Komunista ang lahat ng imperyalismo, pero pinag-iiba natin ang imperyalismong Hapon na ngayo'y nananalakay sa Tsina at ang mga imperyalistang kapangyarihan na ngayo'y hindi nananalakay, pinag-iiba natin ang imperyalismong German at Italyano na mga kaalyado ng Japan at kumikilala sa "Manchukuo" at pinag-iiba natin ang imperyalismong British at Amerikano na laban sa Japan, at ang Britain at United States noon na sumunod sa patakarang Munich sa Dulong Silangan at pinapanghina ang pagtatanggol ng Tsina sa Japan, at ang Britain at United States ngayon na

tumalikod sa patakarang ito at ngayo'y pabor sa pagtatanggol ng Tsina. Ang ating mga taktika ay ginagabayan ng iisang prinsipyo lamang: gamitin ang mga kontradiksyon, kabigin ang marami, labanan ang kakaunti at durugin ang ating mga kaaway nang paisa-isa. Iba ang ating patakarang panlabas sa patakarang panlabas ng Guomindang. Ayon sa Guomindang, "Iisa lamang ang kaaway at lahat ng iba pa'y kaibigan"; mukhang itinatrato nitong magkakapareho ang lahat liban sa Japan, pero sa katunaya'y maka-British ito at maka-Amerikano. Sa bahagi natin, dapat gumuhit tayo ng ilang pag-iiba-iba, una, sa pagitan ng Unyong Sobyet at mga kapitalistang bayan, pangalawa, sa pagitan ng Britain at United States sa isang banda at ng Germany at Italy sa kabilang banda, pangatlo, sa pagitan ng mamamayang British at Amerikano at ng kanilang mga imperyalistang gubyerno, at pang-apat, sa pagitan ng patakaran ng Britain at United States noong panahon patakarang Munich ang ipinatutupad nila sa Dulong Silangan at ng kanilang patakaran sa kasalukuyan. Binabalangkas natin ang ating patakaran batay sa mga pag-iiba-ibang ito. Tuwirang kabaligtaran ng sa Guomindang, ang ating saligang linya ay gamitin ang lahat ng posibleng dayuhang tulong, batay sa prinsipyo ng nagsasariling pagsusulong ng digma at pagsalig sa ating sariling pagsisikap, at huwag, tulad ng ginagawa ng Kuomintang, talikuran ang prinsipyong ito sa pamamagitan ng pagsalig nang buung-buo sa dayuhang tulong o pagkapit sa isang o iba pang bloke ng imperyalista.

Para maiwasto ang mga tagibang na pananaw maraming kadre ng Partido hinggil sa usapin ng mga taktika at ang kanilang paggewang-gewang sa "Kaliwa" at Kanan, dapat tulungan natin silang magkaroon ng lahatang-panig at integradong pag-unawa sa mga pagbabago at pag-unlad sa nakaraan at kasalukuyang patakaran ng Partido. Lumilikha ng kaguluhan ang ultra-Kaliwang pananaw at siyang pangunahin pa ring panganib sa loob ng Partido. Sa mga erya ng Guomindang, maraming tao ang hindi seryosong nakapagpapatupad ng patakarang pagtatalaga ng mga piling-piling kadre na kikilos ng lihim sa mahabang panahon, pag-iipon ng lakas at paghihintay ng tamang panahon dahil minamaliit nila ang kalubhaan ng anti-Komunistang patakaran ng Guomindang. Kasabay nito, maraming iba pa ang hindi nagpapatupad ng patakarang pagpapalawak ng nagkakaisang prente dahil sobra-sobra nilang pinasisimple ang mga bagay-bagay at ipinapalagay na lubhang walang kapag-a-pag-asa ang Guomindang kaya hindi alam kung ano ang gagawin. Umiiral din ang ganoong kalagayan sa mga erya na okupado ng Hapon.

Sa mga erya ng Guomindang at mga baseng purok na anti-Hapones, ang mga Kanang pananaw na minsa'y nangibabaw noon ay naigpawan na ngayon sa saligan; dati-rati'y binibigyang diin niyong mga may ganoong pananaw ang pakikipag-alyansa na di kasama ang pakikitunggali at labis na pinalalaki ang ingklinasyon ng Guomindang na magtanggol laban sa Japan, at pinalabo nila kung gayon ang pagkakaiba sa prinsipyo ng Guomindang at ng Partido Komunista, hindi tinanggap ang patakarang kasarinlan at inisyatiba sa loob ng nagkakaisang prente, pinayapa ang malalaking panginoong maylupa at malaking burgesya at ang Guomindang at itinali ang sariling mga kamay sa halip na mapangahas na palawakin ang mga rebolusyonaryong pwersang anti-Hapones at magsagawa ng matatag na pakikitunggali laban sa patakaran ng Guomindang na lumaban at higpitan ang Partido Komunista. Pero mula pa noong taglamig ng 1939, lumitaw na ang tendensyang ultra-Kaliwa sa maraming lugar bilang resulta ng anti-Komunistang "kiskisan" na pinakana ng Guomindang at ng mga pakikibakang isinulong natin para ipagtanggol ang sarili. Naiwasto na sa isang antas ang tendensyang ito pero hindi lubus-lubusan, at nakikita pa rin ito sa mga kongkretong patakaran sa maraming lugar. Sa gayon, kailangang-kailangan nating suriin at tukuyin ang ating kongkretong mga patakaran ngayon.

Dahil naglabas na ang Komite Sentral ng isang serye ng mga direktiba hinggil sa kongkretong mga patakaran, ngayo'y iilang punto na lamang ang babanggitin dito bilang paglalagom.

*Ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika*. Dapat matatag na ipatupad ang "sistemang tatlong sangkatlo", kung saan sangkatlo lamang ng mga pwesto sa mga organo ng kapangyarihang pampulitika ang okupado ng mga Komunista at maraming di Komunista ang nahahatak na makilahok. Sa mga purok na tulad ng hilagang Kiangsu, na nag-uumpisa pa lamang tayong magtatag

ng demokratikong kapangyarihang pampulitikang anti-Hapones, maaari pa ngang mas mababa sa sangkatlo ang proporsyon ng mga Komunista. Dapat palahukin kapwa sa gubyerno at representatibong mga organo ng mamamayan ang mga kinatawan ng petiburgesya, pambansang burgesya at naliliwanagang panginoong maylupa na hindi aktibong lumalaban sa Partido Komunista, at dapat hayaan ding lumahok iyong mga myembro ng Guomindang na hindi lumalaban sa Partido Komunista. Kahit ang maliit na bilang ng mga maka-kanan ay maaaring hayaang lumahok sa representatibong mga organo ng mamamayan. Anuman ang mangyari, hindi dapat monopolisahin ng Partido ang lahat. Hindi natin winawasak ang diktadura ng uring malaking kumprador burgesya at malaking panginoong maylupa para palitan ito ng diktadura ng iisang partidong Partido Komunista.

*Patakaran sa Paggawa*. Dapat paunlarin ang kabuhayan ng mga manggagawa kung pupukawin nang husto ang kanilang kasigasigan sa paglaban sa Japan. Pero dapat mahigpit tayong magbantay laban sa pagiging ultra-Kaliwa; hindi dapat magkaroon ng labis na pagtaas ng sahod o labis na pagbawas sa oras ng paggawa. Sa kasalukuyang kalagayan, hindi maaaring unibersal na ipatupad sa Tsina ang walong oras na arawang paggawa at dapat payagan pa rin sa sa ilang sangay ng produksyon ang sampung oras na arawang paggawa. Sa ibang sangay ng produksyon, dapat itakda ang araw-paggawa alinsunod sa kalagayan. Kapag may napagkasunduan nang kontrata sa pagitan ng sektor ng paggawa at kapital, dapat sumunod ang mga manggagawa sa disiplina ng paggawa at dapat hayaang kumita ang mga kapitalista. Kung hindi, magsasara ang mga pagawaan, na hindi makakatulong sa gera man o makabebenepisyo sa mga manggagawa. Partikular sa kanayunan, dapat huwag pataasin nang husto ang pamantayan ng pamumuhay at sahod ng mga manggagawa, kundi'y magrereklamo ang mga magsasaka, lilikha ng disempleyo sa hanay ng mga manggagawa at magreresulta sa pagbaba ng produksyon.

*Patakaran sa Lupa*. Dapat ipaliwanag sa mga kasapi ng Partido at sa mga magsasaka na hindi pa napapanahon ang isang puspusang rebolusyong agraryo at hindi maaaring ipatupad ngayon ang serye ng mga hakbanging ipinatupad noong Rebolusyong Agraryo. Sa isang banda, dapat itakda ng ating kasalukuyang patakaran na ibababa ng mga panginoong maylupa ang upa at interes, dahil pinupukaw nito ang kasigasigan ng batayang masa ng magsasaka na magtanggol laban sa Japan, pero hindi dapat napakalaki ng pagbaba. Sa pangkalahatan, dapat ibaba nang 25 porsyento ang upa sa lupa, at kung hihingi ang masa ng mas malaking pagbaba, maaaring mapunta sa kasamá ang 60 o 70 porsyento ng kanyang ani, pero hindi na hihigit pa. Ang pagbaba ng interes sa mga pautang ay hindi dapat napakalaki para hindi maging imposible ang mga transaksyon sa pagpapautang. Sa kabilang banda, dapat itakda ng ating patakaran na magbabayad ng upa at interes ang mga magsasaka at mananatili sa mga panginoong maylupa ang kanilang lupa at iba pang ari-arian. Dapat huwag ibaba nang husto ang interes para hindi maging imposible sa mga magsasaka na mangutang o kaya'y ang pagbabayad ng dating utang ay hindi sa paraang lumalabas na libre ang pagbawi ng mga magsasaka ng kanilang lupang isinangla.

*Patakaran sa Buwis*. Dapat ipataw ang mga buwis alinsunod sa kita. Liban sa napakamararalita na dapat walang bayaran, magbabayad ng buwis sa estado ang lahat ng mamamayang kumikita, na nangangahulugang ang buwis ay papasanin ng mahigit sa 80 porsyento ng populasyon, kabilang ang mga manggagawa't magsasaka, at hindi buung-buong papasanin ng mga panginoong maylupa at kapitalista. Dapat ipagbawal ang pang-aaresto sa mamamayan at pagpapataw ng multa sa kanila para mapondohan ang militar. Maaari nating gamitin ang umiiral na sistema sa pagbubuwis ng Guomindang na may angkop na mga pagbabago hanggang makagawa tayo ng isang bago at mas angkop na sistema.

*Patakaran sa kontra-paniniktik*. Dapat matatag nating supilin ang kumpirmadong mga traydor at anti-Komunista, at kung hindi'y hindi natin maipagsasanggalang ang mga rebolusyonaryong pwersang anti-Hapones. Pero dapat huwag magkaroon ng napakaraming pagpatay at dapat walang madadamay na inosenteng tao. Dapat maluwag ang pakikitungo sa mga elementong nag-uurong-sulong at sa nag-aatubiling mga alagad ng mga reaksyunaryo. Dapat pawiin ang pisikal na

pagpapahirap sa paglilitis ng mga kriminal; dapat magbigay-diin sa bigat ng ebidensya at huwag magtiwala sa mga pag-amin. Ang ating patakaran tungo sa mga bihag na Hapon, papet o anti-Komunistang tropa ay palayain silang lahat, liban doon sa mga kinasusuklaman ng masa at dapat patawan ng parusang kamatayan na inaprubahan ng mas matataas na awtoridad. Sa hanay ng mga bihag, iyong mga pinuwersang lumahok sa mga reaksyunaryong hukbo, pero humigit-kumulang ay kumikiling sa rebolusyon, ay dapat kabigin nang maramihan para kumilos sa ating hukbo. Dapat palayain ang iba pa, at kung muli nila tayong lalabanan at muling mabibihag, dapat palayain muli. Huwag natin silang insultuhin, kunan ng kanilang personal na kagamitan o subukan silang pabaligtarin, kundi tratuhin sila nang matapat at mabuti nang walang pasubali. Ito dapat ang ating patakaran, gaano man sila kareaksyunaryo. Isa itong napakaepektibong paraan para maihiwalay ang sagadsaring bag-as ng reaksyon. Para sa mga taksil, liban doon sa mga nakagawa ng karumal-dumal na mga krimen, dapat silang bigyan ng pagkakataong magbago sa kundisyong ititigil nila ang kanilang anti-Komunistang mga aktibidad; at kung sila'y babalik at magnanais na lumahok muli sa rebolusyon, maaari silang tanggapin pero hindi muling ipapaloob sa Partido. Dapat huwag ibilang sa mga espiyang Hapones at traydor na Tsino ang pangkalahatang tipo ng mga ahente sa paniktik ng Guomindang; dapat pag-ibahin ang dalawa at pakitunguhan nang naaayon. Dapat wakasan ang kalagayan ng kalituhan kung saan maaaring mang-aresto ang alinmang organisasyong panggubyerno o di panggubyerno. Para maitatag ang rebolusyonaryong kaayusan sa kapakinabangan ng digma, dapat itakda na, liban sa mga yunit ng hukbo na nasa kombat, ang panggubyernong mga ahensya lamang ng hukuman at ng seguridad publiko ang bibigyan ng kapangyarihang mang-aresto.

*Ang mga karapatan ng mamamayan*. Dapat ihapag na lahat ng panginoong maylupa at kapitalistang hindi laban sa Digma ng Pagtatanggol ay magtatamasa ng parehong mga karapatan sa pagkatao at karapatan sa pagmamay-ari, parehong karapatang bumoto at kalayaan sa pananalita, pagtitipon, asosasyon, pampulitikang paniniwala at pananampalataya tulad ng sa mga manggagawa't magsasaka. Kikilos lamang ang gubyerno laban sa mga mananabotahe at doon sa mga nanggugulo sa ating mga baseng purok, at poprotektahan ang lahat ng iba pa at di sila liligaligin.

*Patakaran sa ekonomya*. Dapat aktibo nating paunlarin ang industriya at agrikultura at itaguyod ang sirkulasyon ng mga kalakal. Dapat hikayatin ang mga kapitalistang pumunta sa ating mga baseng purok na anti-Hapones at magtayo ng mga negosyo dito kung nais nila. Dapat hikayatin ang pribadong negosyo at tratuhin ang negosyo ng estado bilang isang sektor lamang ng ekonomya. Layunin ng lahat ng ito na makamit ang pag-asa-sa-sarili. Dapat maging maingat para hindi mapinsala ang anumang kapaki-pakinabang na negosyo. Kapwa ang ating taripa at mga patakaran sa pananalapi ay dapat alinsunod sa ating saligang linya ng pagpapalawak ng agrikultura, industriya at komersyo, at hindi sumalungat nito. Ang esensyal na salik sa pagmamantini ng mga baseng purok sa mahabang panahon ay pagiging sapat-sa-sarili sa pamamagitan ng isang matiyaga at mabusisi, at hindi magaspang at walang ingat na pag-oorganisa ng ekonomya.

*Patakaran sa kultura at edukasyon*. Dapat magtuon ito sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng kaalaman at kasanayan na kailangan sa digma at diwa ng pagpaparangal sa bansa sa hanay ng masa ng sambayanan. Dapat hayaang pumunta sa ating mga baseng purok ang mga burges-liberal na guro, manunulat, mamamahayag, iskolar at ekspertong teknikal at makipagtulungan sa atin sa pagpapatakbo ng ating mga paaralan at pahayagan at iba pang gawain. Dapat tanggapin natin sa ating mga eskwelahan ang lahat ng intelektwal at estudyante na nagpapakita ng kasigasigan sa pagtatanggol laban sa Japan, bigyan sila ng madaliang pagsasanay at pagkaraa'y italaga silang kumilos sa hukbo, gubyerno o mga organisasyong masa; mapangahas natin silang kabigin, bigyan ng trabaho at paunlarin. Huwag tayong maging sobra-sobrang maingat o takot na takot na mapasok ng mga reaksyunaryo. Di maiiwasang makapasok ang ilang ganoong elemento, pero may panahon para suyurin sila palabas sa daloy ng pag-aaral at pagkilos. Dapat magtayo ang bawat baseng purok ng mga imprenta, maglimbag ng mga aklat at pahayagan at mag-organisa ng mga ahensya ng distribusyon at

pamamahagi. Hanggat maaari, dapat ding magtayo ang bawat baseng purok ng malalaking paaralan para sa pagsasanay ng mga kadre, at mas mainam kung mas marami at mas malalaki.

*Patakarang militar*. Dapat magkaroon ng maksimum na paglawak ang Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo, dahil ang mga ito ang pinakamaaasahang armadong pwersa ng mamamayang Tsino sa pagpapatuloy ng pambansang digma ng pagtatanggol. Dapat nating ipagpatuloy ang ating patakaran na huwag salakayin ang mga tropa ng Guomindang kung hindi tayo sinasalakay at gawin ang lahat ng makakaya para makipagkaibigan sa kanila. Para makatulong sa pagpapalakas ng ating hukbo, dapat gawin ang lahat para makabig sa Hukbo ng Ikawalong Ruta at Bagong Ikaapat na Hukbo iyong mga upisyal na sumisimpatya sa atin, kahit pa sila'y mga myembro ng Guomindang o hindi kasapi ng alinmang partido. Dapat kumilos na ngayon para mabago ang sitwasyon sa ating mga hukbo, nangingibabaw sa lahat ang mga Komunista dahil lamang sa dami. Mangyari pa, hindi dapat ipatupad ang "sistemang tatlong sangkatlo" sa loob ng ating mga pangunahing pwersa, pero hanggat ang liderato ng ating hukbo ay nasa kamay ng Partido (ito'y isang absoluto at di mababaling pangangailangan), dapat huwag tayong matakot sa pagkabig ng malalaking bilang ng simpatisador para kumilos sa pagpapalakas ng mga kagawarang militar at teknikal ng ating hukbo. Ngayong matatag nang nailatag ang pang-ideolohiya at pang-organisasyong pundasyon ng ating Partido at ating hukbo, hindi lamang nawawala ang panganib sa pagkabig ng malalaking bilang ng simpatisador (mangyari pa, hindi mga mananabotahe) kundi ito'y isang di maiiwasang patakaran, dahil kung hindi, magiging imposibleng makabig ang simpatya ng buong bayan at mapalawak ang ating mga rebolusyonaryong pwersa.

Dapat mahigpit na ipatupad ng buong Partido ang lahat ng prinsipyo sa taktika sa nagkakaisang prente at ang kongkretong mga patakaran na binalangkas alinsunod sa mga ito. Sa panahong pinatitindi ng mga mananakop na Hapones ang kanilang agresyon laban sa Tsina at nagpapatupad ng mapanupil na mga patakaran at naglulunsad ng mga armadong atake ang malalaking panginoong maylupa at malaking burgesya laban sa Partido Komunista at buong sambayanan, ang pagpapatupad ng mga prinsipyo sa taktika at kongkretong mga patakarang nabanggit ang tanging paraan para maipagpatuloy ang Digma ng Pagtatanggol, mapalawak ang nagkakaisang prente, makabig ang simpatya ng buong sambayanan at malikha ang pihit tungo sa mas mainam na sitwasyon. Sa pagwawasto ng mga pagkakamali, gayunman, dapat hakbang-hakbang tayong sumulong at huwag magmadali para huwag makalikha ng diskuntento sa hanay ng mga kadre, hinalaan sa hanay ng masa, mga kontra-salakay ng mga panginoong maylupa o iba pang di kanais-nais na pangyayari.

## MGA TALA

(1) Si Wang Yi-tang ay isang malaking burukrata noong panahon ng mga warlord sa Hilaga at isang traydor na maka-Hapon. Muling pinakilos siya ni Chiang Kai-shek mula sa pagreretiro para magsilbi sa gubyernong Guomindang pagkaraan ng Insidente sa Hilagang Tsina ng 1935. Noong 1938, nagsilbi siya bilang papet ng Hapon sa hilagang Tsina at ginawang tagapangulo ng huwad na Pampulitikang Konseho ng Hilagang Tsina.

(2) Si Shih Yu-san ay isang warlord ng Kuomintang na madalas nagbabalimbing. Siya ang punong kumander ng Ika-10 Grupo ng Hukbo ng Guomindang pagkaraang sumiklab ang Digma ng Pagtatanggol, nakipagsabwatan sa mga armadong pwersa ng Hapones sa katimugang Hopei at walang ginawa kundi salakayin ang Hukbo ng Ikawalong Ruta, wasakin ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitikang anti-Hapones at pumatay ng mga Komunista at mga progresibo.